

# KIAN

KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS

## KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

# American Football U19 Global Challenge Bowl 2008 Kawasaki

アメリカンフットボール U19 グローバルチャレンジボール

337



Ang mga kinatawang grupo ng Hapon at ng Amerika ay nagpakita ng kahanga-hangang paglalaban noong nakaraang taon, buwan ng Hulyo sa [Ika-3 beses na paligsahan ng American football world cup sa Kawasaki]

Dito sa Hapon, inaasahan ang mas mataas na lebel ng labanan, maturuan at sanayin ang mga manlalaro habang pinalalalim ang samahan sa pagitan ng Hapon at Amerika. Upang ipatupad ito, ang mga kinatawang manlalaro na may edad 19 taon pababa at ng mga kinatawang

manlalaro ng amerika ay maglalaban sa American Football [U19 Global Challenge Ball 2008 Kawasaki] Ang araw ng labanan ay sa ika-22 ng Marso (Sabado) mula alas 2 ng hapon sa Kawasaki Kyujyo.

Ang tiket ay mabibili sa Ticket Pia, Lawson, Seven Eleven sa halagang 1,600 yen.

Para sa detalye, Sogo kikaku kyoku Toshi Keiei bu (General planning bureau, Urban management department) Tel: 044-200-2347.



# Youth Festival sa Kawasaki

青少年フェスティバル

338

Ang "Seishonen Festival" ay gaganapin sa Todoroki Arena ng Nakahara ward sa ika-23 ng Marso, (Linggo) 9:30 ng umaga. Sa araw na ito, ang mga kabataan ng siyudad ang magiging tampok sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang libangan, laro, pakikisalamuha sa publikong inaasahang dadalo. Tatanghalin din sa araw na ito ang [NAMCO game contest] at [Dance de Kawasaki]!

Masusubukan ngayon ang "pinaka" or best sa mundo at best sa Japan sa larangang "Pagtayo ng mataas na Tore ng basyong lata" "Pagpapaikot ng Kuwartang metal o barya" at may iba pang anim na klaseng laro.



Bukod dito, may flea market, malalaking fair at iba pang corner na planadong maaaring pumuno upang mapasaya ang ibentong ito.

Walang bayad ang entrans nito kaya't inaanyayahang dumalo kasama ang inyong pamilya at mga kaibigan. Ang Todoroki Arena ay mararating ng sampung minuto sa pamamagitan ng pagsakay ng bus mula Musashi Kosugi at bumaba sa {Todoroki Arena Mae}

Sa mga katanungan, Shimin Seishonen Ikuseika (Citizen Affairs Bureau, Youth Development Division) Tel: 044-200-2669.



# Ward Offices magbubukas; dalawang araw ng Linggo

区役所の日曜日開庁

339

Sa hangaring mapagbuti ang paninilbihan sa mga mamamayan ng Siyudad ng Kawasaki, magbubukas ang tanggapang pampamahalaan sa araw ng Linggo kung saan tinatayang maraming mga proseso sa paglilipat ng tirahan. Ang petsa ng pagbubukas ng tanggapan ay ika-30 ng Marso at ika-6 ng Abril parehong araw ng Linggo mula alas 9 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon.

Ang mga mapapakinabangang serbisyo ay: [Pagbibigay-alam ng pag-alis at pagdating sa ibang distrito pag naglipat ng tirahan], [pagpaparehistro bilang dayuhan], [pagpaparehistro ng pantatak o hanko], [pagpapagawa ng residents' card], [paga-aplay ng suporta sa bata], [pagkuha ng sertipiko ng paninirahan, sertipiko ng pantatak, rehistro ng pamilya(koseki) at iba pang may kinalaman dito] atbp. Sa detalye ng serbisyonang ito, tumawag sa mga tanggapang pampamahalaan sa inyong lugar o di kaya sa "Thank You Call Kawasaki" tel: 044-200-3939.

## Pagbabago sa pamamaraan ng Imigrasyon


新しい入国検査手続き

Mag-uumpisa na sa ika-20 ng Nobyembre ang bagong patakaran upang makapasok sa bansang Hapon. Ang lahat ng dayuhang nagnanais pumasok sa bansa ay obligadong magbigay ng tatak ng daliri (finger print) at larawan ng mukha sa Opisyal ng Imigrasyon bago ito bigyan ng pahintulot makapasok sa bansa. Ang sinumang tatanggi sa obligasyong ito ay hindi pahihintulutang pumasok sa bansa.

Gayunpaman libreng pumasok ang mga Extraordinary permanent residents, 16 taong gulang pababa, Diplomats, Opisyaes, mga imbitado ng Gobyerno at mga nasa katungkulan ayon sa kinikilala at sakop ng batas.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

**Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki**



### Silid—Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

#### ■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

#### ■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

## Libreng konsultasyong pang-legal!

Iskedyul sa **Kawasaki International Center** tuwing ikatlong Linggo ng bawat buwan.

Ika-20 ng Enero,

Ika-20 ng Abril

Ika-17 ng Pebrero,

Ika-18 ng Mayo

Ika-16 ng Marso

Ika-15 ng Hunyo

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/